THE ANIMAL WELFARE ACT OF 1998
[RA 8485 inamyendahan ng RA 10631]

PANGKAT IKA-1. Layunin ng The Animal Welfare Act na maprotektahan at maisulong ang kapakanan nang lahat ng hayop panlupa at pan tubig na nasasakupan ng Pilipinas, sa pamamagitan ng pamamahala, pagpapanatili ng organisation at operation sa lahat ng pasilidad na gagamitin sa pagpapangasiwa nang pag paparami, pagsasanay at paggamot sa lahat ng hayop bilang ito ay pangpangangalakal o bilang alaga sa bahay. Hangad ng batas na ito na isama ang ibon sa alaga hayop.

Hinahayag ng batas na ito ang nauukol para sa kapakanan ng kanilang pampisikal at sikolohikal. Kasama ngunit hindi nalilimatahan sa mga sumusunod ang: pangaabuso, pagmamaltrato, pagmamalupit at pananamantala sa hayop ng mga tao. Maaring maiwasan ito sa pamamagitan ng pagbigay nang tama at nasa pamantayang tirahan, pagpapakain, pag-aalaga, pag iwas at pag gamot sa sakit; Marapat na bigyan sila nang kasiguraduhan na malaya sila sa takot, pagkabahala, panliligalig, paghihirap at pagpapakita ng kanilang normal na pag-uugali.

PANGKAT IKA-2. Walang tao, samahan, korporasyon, kooperatiba o ano mang ahensya ng gobyerno na gumagamit ng katayan ang maaring gumawa at mag operate ng pet shop, kulungan, pambeterinaryong klinika at ospital, kural na pang hayop, stud at stock farm o gagamitin sa pagkasta hanggat hindi nakakuha ng sertipiko ng rehistro galing sa Bureau of Animal Industry.

Iisyuhan lamang ng sertipiko kung may maipakitang katibayan ang pasilidad ng establisyemento na ito ay may sapat at malinis na lugar na hindi magdudulot ng sakit o paghihirap sa mga hayop. May bisa lamang ang sertipiko ng isang (1) taon, maliban na lamang kung ito ay napaagang ma-kansela at may makatarunungang kadahilanan bago matapos ang termino na ibinigay ng Direktor ng Bureau of Animal Industry at maaring taon taong i-renew kapag natugunan ang kondisyon ipinataw. Ang kawanihan ay maniningil ng naayong kabayaran para sa pagbibigay nang renewal ng nasabing sertipiko.

PANGKAT IKA-3. Ang Direktor ng Bureau of Animal Industry ang siyang mamamahala at mamamalakad sa mga establisyemento, operation at pagpapananatili ng pet shops, kennel, klinika at hospital na pangbeterinaryo, kural, stud farms, zoo at lahat nang klaseng pangistraktura kung saan ang mga hayop ay pinaparami, ginagamot, inaalagaan para ibenta, isanasanay o pagpapadala sa kanila sa iba't ibang lugar gamit ang pribado o pampublikong sasakyan upang mapanigurado na magiging komportable sila sa biyahe habang iniiwasan o kung hindi man ay kinakailangang hindi sila mamatay at magkasakit.

Ang Direktor ay maaring tumawag sa anumang ahensya ng gobyerno para matulungan na siguarduhing magiging epektibo at matibay ang pagpapatupad ng batas kasama ang lahat ng patakaran at regulasyon na isinasaad dito.

Tungkulin nang ahensya ng gobyerno na asistahin ang Direktor sa panahong nanghihingi ito ng tulong gamit ang nakalaang pondo para sa layuning ito.

PANGKAT IKA-4. Obligasyon ng may-ari o operator ng pampublikong sasakyang panlupa, panghimpapawid o pantubig na magdadadala nang lahat ng klaseng hayop na sa lahat ng panahon ay sinsigurado nitong marapat, maayos at malinis na pasilidad upang maging ligtas ang kanilang biyahe. Kinakalaingan din na maglaan ng sapat na pagkain at tubig para sa mga hayop na ibabyahe nang hihigit sa labing dalawang (12) oras o kung kailan man ito kakaialanganin.

Hindi maaring bumyahe ang pampublikong transportasyon na may dalang hayop na walang dalang kasulatan na pinahihintulutan ng Direktor o nang awtorisadong kinatawan ng Bureau of Animal Industry. Hindi din maaring ilagay sa maliit at masikip na kulungan habang ito ay ibinabyahe.

Sa ano mang anyo na may nagaganap na pagmamalupit o pang-aabuso katulad ng pagsisiksikan, paglalagay ng mga hayop. Sa trunk ng sasakyan o sa ilalalim nang lagayan ng pagkain kahit na may maipakitang permit galing sa Bureau of Animal Industry ay may kalakip na kaparusahan.

PANGKAT IKA-5. May itinalagang kumite ang Animal Welfare na nakaloob sa Department of Agriculture, kung saan ito ay paksa para sa pag apruba ng Sekretarya ng Department of Agriculture, kung saan ang paglabas ng kinakailangang patakaran at regulasyon ay maaring ipatupad kung saan ay may probisyon nang batas na may ligtas at sanitize na pamantayan sa loob ng tatlumpu (30) araw ng kalendaryo pagkatapos itong aprubahan. Ang nasabing patakaran ay pagaaralan ng kumite sa loob ng tatlo (3) taon simula ng implementasyon nito o kung kailan man ito kakailanganin.

Ang sumusunod ay ang kumite na binubuo ng opisyal na kinatawan ng:

1. The Department of Interior and Local Government (DILG);
2. Department of Education, Cultural and Sports (DECS)
3. Bureau of Animal Industry (BAI) of Department of Agriculture (DA);
4. Protected Areas and Wildlife Bureau (PAWB) of Department of Environment and Natural Resources (DENR);
5. National Meat Inspections Commission (NMIC) of the DA;
6. Agriculture Training Institute (ATI) of the DA;
7. Philippine Veterinary Medical Association (PVMA);
8. Veterinary Practitioners Association of the Philippines (VPAP);
9. Philippines Animal Hospital Association (PAHA);
10. Philippines Animal Welfare Society (PAWS);
11. Philippines Society for the Prevention of Cruelty to Animals (PSPCA);
12. Philippine Society of Swine Practitioners (PSSP);
13. Philippine College of Canine Practitioners (PCCP); and
14. Philippine Society of Animal Science (PSAS);

Ang Kumite ay kinakalangang magkakaroon ng pagpupulong bawat ika-tatlong (3) buwan bawat taon. O mas marami pa kung kakakailanganin. Ang Kumite ay hindi maaring kumuha ng kabayaran, ngunit sila ay makakatanggap ng resonableng honoraria paminsan-minsan.

PANGKAT IKA-6. Labag sa batas na kahit na sinong tao ang magpahirap, magpabaya at hindi magbigay ng sapat na pag-aalaga,, magpasimuno ng dog o horse fight, pumatay, maging sanhi ng pagpapahirap o tangihan ng tamang pag—aalaga o pagkain at tirahan. At ang pagmamaltrato sa pamamagitan ng paggamit sa kanila para pag-eksperimentuhan o gamitin para sa reasearch ng walang pahitulot galing sa kumite ng Animal Welfare.

Ang pagpatay sa lahat ng klase ng hayop maliban sa baka, baboy, kambing, tupa, mga alagang manok, kalabaw, kabayo (*Paalala: Na tinanggal sa listahan na ito ang “usa” at “buwaya”) gayon din ang lahat ng nabanggit ay labag sa batas maliban sa mga pagkakataon na:

1. Ginawa ito bilang parte nang ritwal na paang relihiyon na kinakailangan ng tribo o bilang gawain ng mga katutubo; ngunit bilang kooperasyon sa kumite ng Animal Welfare ay kinakailangan ito isulat sa talaan.
2. Kung ang hayop ay natamaan at hindi gumagaling sa sakit na sinasangayunan ito ng lisensyadong beterinaryo.
3. Kung ang pagpatay ay kinkakailangan. Upang matapos ang paghihirap ng hayop at sinasangayunan ito ng lisensyadong beterinaryo.
4. Kung kinakailangan itong gawin ng maiwasan ang maaring panganib na maidudulot sa tao.
5. Kung ginawa ito para sa pagkontrol ng populasyon ng mga hayoop.
6. Kung ang hayop ay pinatay pagtapos itong gamitin sa awtorisadong reaserch at eksperimento.
7. Sa ano mang kasalakuyang pagkakkataon na pinasya at sinertipikuhan ng lisensyadong beterinaryo.

Sa lahat ng nabanggit na kaso kasama ang baka, baboy, kambing, tupa, mga alagang manok, kalabaw, kabayo (*Paalala: Na tinanggal sa listahan na ito ang “usa” at “buwaya”) ng pagpatay sa mga nabanggit na hayop ay idadaan sa ano mang paraan na ito ay makatao.

Na gagawin ito sa pinaka mataong paraan at kung kinakaialangan gamitan ng siyentipikong paraan na syang ipasya ng kumite.

Ang mga paraan lamang na ipinasya ng kumite ang gagaamitin sa pagpatay sa hayop.

PANGKAT IKA-7. Labag sa batas na i-abandona ng kung sino man ang may kostudiya sa hayop

Sino man ang may-ari, nagkokontrol o nag-aalaga na walang resonableng rason para ito ay abandonahin, permanente man ito o hindi ng hindi binibgyan ng sapat na pag-aalaga sa hayop. Ang nasabing gawain ay rason para makabuo ng kaso bilang pagg-aabuso sa ilalim ng Seksyon 9.

Kung ang hayop ay iniwan sa anong pagkakataon na upang maging dahilan ito para magdusa o magiging resulta ng pagkakakamatay. Ang taong mananagot ay magkakaranas ng pinakamataas na parusa.

Ang pagpapabaya ay pag-iwan. At lahat ng karapatan at titulo n may intensyon na hindi na nito makukuha ang pagmamay-ari ng hayop.

PANGKAT IKA-8. Tungkulin ng lahat na proteksyonan ang kalikasan na natural na tirahan ng hayop. Ang pagsira sa kalikasan ay isang uri ng pagmamalupit at ang pag sira ng preserbasyon sa kaligtasan ng lahat ng hayop.

PANGKAT IKA-9. Sino mang tao na paksa sa kahit na anong pang-aabuso, pag mamaltrato o pagpapabaya ay paparusahan nang pagkakakulong at/o pagbabayarin ng multa. Pinapahiwatig ito ng mga susunod na antas:

1. Pagkakakulong nang isang (1) taon at anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang dalawang (2) taon at/o pagmumulta ng hindi lalagpas sa isang daang libo piso (P 100,000.00) kung anghayop ay napaggmalpitan, hindi tinrato ng tama o pinabayaang mamatay.
2. Pagkakakulong nang isang (1) taon at isang (1) araw hanggang isang (1) taon at anim (6) buwan at/o ng multa na hindi hihigit sa limampung libong piso (P 50,000.00) kung ang hayop ay pinagmalupitan, inabuso o pinabayaan ngunit nasaktan at nawalan ng abilidad para mabuhay mag-isa at kinakailangan ng tagapag alaga hangang sa ito ay nabubuhay.
3. Pagkakakulong nang anim (6) na buwan hanggang isang (1) taon at/o pagbayad na hihigit sa tatlumpong libong piso (P30,000.00) kung ang hayop ay pinagmalupitan, inabuso o pinabayaan ngunit hindi ito namatay at nasaktan, hindi rin nawalan ng abilidad para mabuhay mag-isa at kinakailangan tagapag alaga hangang sa ito ay nabubuhay.

Kung ang paglabag sa batas ay ginawa ng nasasakdal, ang opisyal na responsible sa mga nabanggit ang magpapataw ng pagkakakulong. Ngunit kung ang paglabag ay ginawa ng banyaga, siya ay agad na ideport pagkatapos mapatawan ng sentensya na walang kasunod na pag-uusad.

Ang nabanggit na parusa ay papairalin at ipapapataw sa kahit na alinmang paglabag sa batas, batay sa resulta o hindi pagsama na naunang seksyon

Gayunpaman kahit na ano man ang naging kalagayan nito sa hayop, minumultahan ng dalawang (2) taon at isa (1) araw hanggang tatlong (3) taon at/o hindi lalalagpas sa dalawang daan at limampung libong piso (P 250,000.00) ang ipapataw sa may sala kung ginawa nya ito dahil sa: (1) sindikato; (2) ang nagkasala ay

pinagkakakitaan ang pagmamamlupit sa mga hayop (3) empleyado o naglilingkod sa bayan (4) kung saan may hindi bababa sa tatlong (3) hayop ang kabilang.

Sa kung ano mang nabanggit na sitwasyon, ang nasasasakdal ay magdurusa ng pagkakakulong kung hindi man to maresolba o walang kakayanan magbayad ng multa.

PANGKAT IKA-10. Ang sekretary ng Department of agriculture ay siyang kinatawan para magtalaga ng Animal Welfare enforcement officer galing sa non government organization, grupo ng mamamayan, organisasyong pangkomunidad at iba pang bolutaryo na dumaan sa pagsasanay para sa mga nabanggit na mga layunin. Ang Philippine National Police, National Bureau of Investigation at iba pang kawani ng gobyerno ay marapat na magtalaga ng opisyal para sa animal welfare. Ang naturang opisyal para sa animal welfare ay awtorisado para sagipin ang mga hayop na minaltrato at ilegal na ikinalakal at aresutuhin ang lumabag sa batas batay sa panuntunang umiiral na batas.

Ang Sekretarya ng Department of Agriculture na ayon sa rekomendasyon ng kumite ng Animal Welfare ay:

1. Ibinabahagi sa nakararami ang panuntunan ukol sa panuri at pagsasanay ng mga nasa kantukulan na mga opisyal ng Animal Welfare.
2. Itaguyod ang mekanismo para sa patnubay, pagmonitor at pagreport ng mga nasabing opisyal.

PANGKAT IKA-11. Sa ano mang rason na nagkaroon ng probisyon ang alin man sa batas na ito ay kinakailangan na i-deklara para ito ay ma-imbalido at ma-unconstitutionalised. Ang ibang seksyon at probisyon ay ipagpapatuloy ng buong epektibo.

Lahat ng batas patakaran, panunturan, regulasyon at ng iba pang parte na hindi kaisa sa batas na ito ay magiging epektibo pagkatapos ng labing lima (15) araw simula ng ito ay nailathala sa Official Gazette, higit kumulang sa dalawang (2) pampublikong diyaryo o kung ano mang nauna sa dalawang nabanggit.

Republic Act 8495

JOSE DEVENECIA
Speaker House of Representative

NEPTALIA GONZALES
President of the Senate

FIDEL V. RAMOS
President of the Philippines
Approved: February 11, 1998

Republic Act 10631

FELICIANO BELMONTE JR.
Speaker of the House of Representative

JINGGOY EJERCITO ESTRADA
Acting President of the Senate

BENIGNO S. AQUINO III
President of the Philippines
Approved: October 3, 2013

****

PREPARED BY: ATTY. ROY KAYABAN
THE PHILIPPINE ANIMAL WELFARE SOCIETY

Isinalin sa Filipino ni Merryl Ly Verdejo - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix Legacy of Compassion